3

Republic of the Philippines

Department of Education

**NATIONAL CAPITAL REGION**

Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

## FILIPINO 3 WEEK 4


**DEVELOPMENT & EDITORIAL TEAM:**

| | |
|---|---|
| Writer: | SHELOU MAE G. VALLE, |
| Illustrator: | MARJORIE B. PELECIA, |
| Layout Artist: | ANABEL P. CAPILLO |
| Language Editors: | NICELDA C. GALLEGO, MILLIE B. VALENZUELA, LEA G. YNOTA |
| Management Team: | Dr. MALCOLM S. GARMA, Regional Director - NCR |
| | Dr. JOEL T. TORRECAMPO, SDS SDO - Las Piñas City |
| | Dr. GENIA V. SANTOS, CLMD Chief - NCR |
| | Mr. JUAN C. OBIERNA, CID-Chief, SDO - Las Piñas |
| | Dr. GLORIA G. TAMAYO, EPS in Filipino - NCR |
| | Dr. DENNIS M. MENDOZA, LR EPS - NCR |
| | Dr. MACARIO D. PELECIA JR, EPS in Filipino - SDO Las Piñas |
| | Dr. MARY JANE R. TUBELLO, LR EPS - SDO Las Piñas |
| | NANCY C. MAGBUNGA, Librarian - NCR |
| | ELAINE MARGARETT BAGUIO, PDO SDO – Las Piñas |
| | ANA S. MAONTANES, Librarian SDO – Las Piñas |


**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili**

## **Aralin 4:** Paksa o Tema ng Teksto, Kuwento o Sanaysay

**Inaasahan:** Nasasabi ang paksa, tema ng teksto, kuwento o sanaysay F3PB-IIId-10

### Unang Pagsubok

**Panuto:** Sabihin ang paksa o tema ng sumusunod na teksto. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sulatang papel.

1. Araw ng Linggo maaga pa gumising ang pamilya ni Mang Anton. Ang bawat isa ay abala sa pagbibihis upang sama-sama silang pupunta sa simbahan.
   A. maaga gumising C. araw ng pagsamba
   B. abala sa pagbibihis D. sama-sama ang pamilya

2. May iba't ibang kahulugan ang bawat kulay. Ang asul ay kapayapaan at ang pula ay katapangan. Pag-ibig naman ang kahulugan ng rosas at panibugho naman ang dilaw. Kasagnaan naman ang berde at kalungkutan ang itim. Marami pang kulay ang may kahulugan.
   A. Ang kulay ay may iba't ibang kahulugan.
   B. Ang kagandahan ng kulay
   C. Iba't ibang kahuluguhan
   D. lahat na nabanggit

3. Ang aklat ay nagbibigay ng mga impormasyon. Para narin tayong nakpunta sa lugar na nais nating puntahan. Ang lahat ng bagay ay natutuhan natin sa aklat.
   A. Aklat ay nagbibigay ng iba't ibang impormasyon.
   B. Ang lahat na bagay ay natutuhan sa aklat.
   C. Aklat ay nagdadala sa iba't ibang lugar.
   D. Lahat na nabanggit sa A at B.

## Balik-Tanaw

Sa nakaraang aralin ay napag-aralan ninyo ang pagbibigay ng sariling opinyon sa mga sitwasyon. Ang pagbibigay ng sariling opinyon ay nakatutulong sa bagong aralin tungkol sa pagbibigay ng tema o paksa.

## Maikling Pagpapakilala sa Aralin

Ang araling ito ay makatutulong sa iyo kung paano masasabi ang paksa,o tema ng teksto, kuwento o sanasay.

## Gawain

**Panuto**: Basahin at unawain ang teksto at isulat ang paksa sa sagutang papel.

1. Ang pamilyang Pilipino ay isang napakahalagang institusyon. Sa gitna ng maraming suliranin, dapat umiiral ang pagmamahalan, pagkakaisa at pagtutulungan upang lalong tumibay ang pagsasamahan sa isa't isa. Anumang problema ang dumating, kailangang mapanatiling buo at matatag na pamilya. Bukod dito biyaya ng Diyos ang ating pamilya kaya't patuloy mong iingatan.

   Paksa ___________________________________

   Paano mo pahalagahan ang iyong pamilya?
   _________________________________

2. Napakahalaga ng Bitamina A sa ating katawan. Ito ay tumutulong upang lalong luminaw ang ating mga mata. Ang kakulangan sa bitaminang ito ay maaaring magdulot ito ng pagkalabo ng paningin. Ang mga pakain na mayaman sa bitamina A ay atay ng (manok at baka) itlog, gatas, keso, mga luntian at dilaw na prutas at gulay.

Paksa ______________________________

Para saan ang mga pagkain na may BitaminA

______________________________

3. Ang isang pagdiriwang na pinaka- hihintay ng halos lahat sa karamihan ay kapaskuhan. Ang lahat ng mga tao ay abala sa paghahanda sa araw na ito. Mga bagong damit at sapatos naman ang kinasasabikan ng mga bata. Ang pagpupunta at pagbibigay galang nila sa kanilang ninong at ninang ang kinahiligan din at higit sa lahat ay pasasalamat sa araw na ito.

Paksa ______________________________

Ano ang ipinagdiriwang tuwing kapaskuhan?________________

**Panuto:** Piliin ang angkop na paksa sa sumusunod na larawan. Pagtapatin ang hanay A sa hanay B. Isulat ang tamang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

| A | | B |
|---|---|---|
| 1. |  | A. naglalaro |
| 2. |  | B. sumasayaw |
| 3. |  | C. naglilinis |
| 4. |  | D. pagtapon ng basura sa tamang Lalagyan |
| 5. |  | E. pagtatanim ng gulay |

Halaw sa Canva Philippines Education

**Panuto:** Basahin ang talata sagutin ang mga tanong tungkol dito. Piliin ang letra ng tamang sagot.

**" Bayang Magiliw, Perlas ng Silanganan"**

Ito ang sinasabi sa ating pambansang awit. Ibig sabihin na mayaman ang Pilipinas. Bakit kaya? Mayaman ang Pilipinas. Sa lawak ng kalupaan at katubigang nakapaligid sa bansa, napakaraming natural na yaman ang makikita rito.

Maraming nakukuha sa lupa. Ilan sa mga maituturing na yaman ay mga halaman, puno, metal at hindi metal na makukuha sa kalupaan.

1. Ano ang pamagat ng talata?

   A. Bayang Magiliw, Perlas ng Silanganan
   B. Perlas ng kagubatan
   C. Perlas ng katubigan
   D. Magiliw

2. Tungkol saan ang paksa?

   A. perlas
   B. metal
   C. mga puno
   D. mayaman ang Pilipinas

3. Bakit mayaman ang Pilipinas?

   A. Maraming natural na yaman ang makikita
   B. Malawak ang kalupaan
   C. Malawak ang katubigan
   D. Lahat na nabanggit sa A, B, C

4. Saan makikita ang paksa ng talata?

   A. sa pamagat
   B. sa unahan ng talata
   C. sa gitna ng talata
   D. sa hulihan ng talata

5. Paano mo pahalagahan ang yaman ng bansa?

A. Magtanim ng puno sa bakuran.

B. Itapon ang basura sa tamang lalagyan .

C. Huwag sayangin ang papel, lapis at iba pa.

D. Tama lahat na nabanggit sa A,B,C

**Tandaan**

May paraan upang masasabi mo ang paksa o tema ng teksto, kuwento at sanaysay. Ito ay maaaring makikita sa pamagat, unahang bahagi, sa gitnang bahagi at sa hulihang bahagi ng teksto, kuwento o sanaysay.

**Pag-alam sa Natutuhan**

**Panuto:** Basahin ang talata at buuin ang paksa sa pamamagitan ng pagbuo ng mga pinaghalong letra.

1. Ang buwaya ay isang hayop na nakatira sa tubig. Parang troso ang kaanyuan nito kapag nasa tubig. Matigas at karaniwang kulay lumot o tsokolate ang balat nito.

**YABUWA**____________

2. Ang tubig ang pinakamahalaga sa ating buhay. Nagpapalakas ito ng ating katawan. Kung walang tubig hindi tayo makapaglilinis, makapaglalaba, makapagluluto atbp.

**GTBIU**_____________

3. Ang masukal na gubat ay may mataas na puno at makapal na damong ligaw. Maraming mababangis na hayop dito. Mayroon ding maiilap na hayop gubat. Nakatatakot pumasok dito.

**AAKGTNBUA** ___________________

4. Ang gatas ay pinakaimportanteng inumin ng mga bata. Ito ay kumpleto sa mineral at protina.Kailangan ito upang lumakas ang katawan.

   **SATAG** _________

5. Ang pag-aaral ay susi upang magkaroon ng magandang kinabukasan. Kung hindi tayo mag-aaral maliit ang posibilidad na tayo ay maging matagumpay.

   **AAARLAGP**____________

**Panuto:** Isulat ang paksa ng kuwento sa sagutang papel.

1. Ang gusaling *Pentagon* ay isang tanyag na gusali sa Washington. Marami ang napinsala rito nang ito ay pasabugin ng mga terorista noong nakaraang taon.

   ______________________________________________

2. Isa sa mga tinatawag na puno ng buhay ang puno ng niyog. Maraming puno ng niyog ang matatgpuan dito sa ating bansa. Dito natin kinukuha ang lahat ng produkto na ginagaw sa Pilipinas tulad ng sabon, mantika, gamit sa bahay at marami pang iba.

   ______________________________________________

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto:** Piliin ang letra ng angkop na paksa sa bawat talata.

1. Maliit pa lamang si Rita ay kasakasama na ni Aling Marta sa pagtitinda sa palengke. Tumutulong siya sa pagtitinda. Humahanga sa kaniya ang mga kapitbahay nila. Masipag siya at matulunging bata.

   A. maliit pa lang
   B. tamad na bata
   C. batang palengke
   D. ang matulungin at masipag na bata

2. Unang araw ng pasukan. Masaya ang mga mag-aaral. Ang bawat isa ay nagmamadali patungo sa kanilang paaralan. Pagkakita sa dating kamag-aral, huminto sila at bumabati sa isa't isa. Kasunod nito ay usapan at kumustahan na.

A. ang magkaklase
B. ang magkakaibigan
C. masaya ang mag-aaral
D. unang pagpasok sa eskwela

3. Ang Lungsod ng Baguio ang paborito kong lugar. Malamig ang klima kaya halos lahat ng mga taong naglalakad ay nakasuot ng makakapal na damit. May kani-kaniyang pinupuntahan ang mga tao tulad ng mga parke at palaruan. Mawiwili ang sinuman dahil sa magaganda at makukulay na mga bulaklak.

A. makakapal na damit
B. makukulay na bulaklak
C. malamig na klima
D. ang paborito kong lugar

4. Masisipag ang batang si Don at si Niko. Kapag walang pasok sa paaralan ay tinutulungan nila ang kanilang ama sa pagsasaka. Tuwing Sabado at Linggo, sinasamahan nila ang kanilang ama sa paglilinis at pagtatanim sa bukid.

A. sa bukid
B. ang aking Ama
C. isang magsasaka
D. ang masisipag na bata

5. Sari-saring halaman at iba't ibang hayop ang matatagpuan saanmang dako ng Pilipinas. Ang mga ibon sa himpapawid, ang mga isda sa ilog at dagat, at ang iba't ibang hayop sa kagubatan at kapatagan ay mga yaman ng bansa.

A. mga isda
B. mga hayop
C. mga halaman
D. yaman ng bansa

## Susi sa Pagwawasto

**Unang pagsubok**

1. C 2. A 3. D

**Gawain**

1.Paksa- Pamilyang Pilipino
Pagpapahalagahan ko ang aking pamilya sa pamamagitan ng pagmamahal,pagtutulungan at pagkakaisa
2.Paksa- Mahalaga ang Bitamina A sa ating katawan
Para maiwasan ang paglabo n gating paningin
3. Paksa- Kapaskuhan
Ipinagdiriwang ang kaarawan ni Hesus Kristo

1. C 2. A 3. E 4. B 5. D

1. A 2. B 3. A 4.C 5. D

**Pag-alam sa Natutuhan**

1.BUWAYA 2.TUBIG 3. KAGUBATAN 4. GATAS 5. PAG-AARAL

1. gusaling Pentagn 2. Puno ng buhay

**Pangwakas na Pagsusulit**

1. D 2. D 3. D 4. D 5. D

Sanggunian: Batang Pinoy Ako Learner's Materials, SCRIBD, SLIDE.net